
Name: ______________________________ Score: __________

Araling Panlipunan 1


**I. Piliin at ilagay sa kahon ang ☺ kung ang pahayag ay nagsasaad ng wastong pagsunod sa mga alituntunin ng pamilya. Piliin at ilagay sa kahon ang ☹ kung hindi.**

1. Pagtulong sa mga gawaing bahay.
2. Paglilipat ng mga laruan pagkatapos maglaro.
3. Pagsagot nang pasigaw sa ama at ina.
4. Pagkainis sa mga nakatatandang mahina ang pandinig.
5. Pagpapaalam bago umalis ng bahay.
6. Nagiging masaya ang pamilya.
7. Nagpapabuti sa pagsasama-sama ng pamilya.
8. Naipadadama ang pagmamahal sa bawat kasapi ng pamilya.
9. Nagkakaroon ng away at gulo.
10. Nagiging malinis ang tahanan.
11. Nag-iipon ng pera sa alkansya o sa bangko.
12. Sinisigawan ang mga nakatatanda.


13. Sumasama sa mga magulang upang dalawin ang kamag-anak.



14. Nagdarasal bago matulog.



15. Tumutulong sa gawaing bagay.



**II. Ano ang tamang gagawin sa mga sumusunod na sitwasyon? Piliin ang ♡ ng tamang sagot.**

1. May mga kamag-anak kayong dumating buhat sa probinsya.

♡ Makikipag-usap ako nang maayos at magalang sa kanila.

♡ Pupunta muna ako sa kapitbahay hanggang sa umalis sila.

♡ Magkukulong ako sa aking silid.

2. May proyekto ang iyong kuya sa paaralan. Ginagabayan siya ng iyong ama. Si Nanay naman ay nagluluto sa kusina at kailangan niya ng tulog.

♡ Tatawagan ko si Tatay upang tulungan niya muna si Nanay sa pagluluto.

♡ Patitigilin ko si Kuya sa kanyang proyekto upang tulungan niya muna si Nanay sa pagluluto.

♡ Tutulungan ko si Nanay sa kanyang pagluluto.

3. Naglalaro ka nang dumating ang iyong ama galing sa trabaho. Inuutusan ka niya na iabot ang kaniyang tsinelas.

♡ Magmamano ako sa kanya at agad na iaabot ko sa kanya ang tsinelas niya.

♡ Ipagpapatuloy ko ang paglalaro at magkunwaring hindi ko siya narinig.

♡ Itatanong ko muna kung may pasalubong siya sa akin.

4. Maglalaba si Nanay. Pinabantayan niya sa iyo ang kapatid mong bunso na natutulog sa kuwarto.

♡ Manonood muna ako ng paborito kong palabas sa telebisyon.

♡ Susunod ako sa ipinag-utos ni Nanay.

♡ Isasara ko ang kuwarto at makikipaglaro ako sa ibang bata.

5. Nabasag mo ang baso sa kusina nang hindi sinasadya.

♡ Itatapon ko agad ang nabasag na baso upang hindi makita.

♡ Hindi ko aaminin na ako ang nakabasag.

♡ Sasabihin ko sa aking mga magulang ang totoo.

III. Piliin ang pagpapahalagang ipinakikita sa bawat bilang. Isulat sa kahon ang titik ng tamang sagot.

A. Mabuting pagtanggap sa bisita.
B. Mahigpit na pagkakabuklod ng pamilya.
C. Pagiging matulungin
D. Pagiging magalang
E. Pagiging matipid

1. Sama-sama ang pamilya sa iba't ibang Gawain at pagdiriwang.

2. Gumagamit ng po at opo si Martin sa pagsagot sa mga nakatatanda.

3. Gumagamit ng baso si Alyana kung nagsesepilyo ng ngipin.

4. Inaayos ni Nanay ang silid-tulugan tuwing dumadalaw ang aking mga pinsang galing sa Maynila.

5. Nagbibigay ng mga damit at pagkain ang aming pamilya sa mga biktima ng sunog.